# Tula’t Awit, Tugma’t Sukat:

*mga haraya sa pagmulat*

Inilahok sa Tulang Pambata

**2014 Carlos Palanca Memorial Awards for Literature**
Tula para sa mga Bata - Unang Gantimpala

**Mga Tula**

Uyayi sa Magulang

4 na Ambahan ni Inang Kalikasan

- Ambahan 1
- Ambahan 2
- Ambahan 3
- Ambahan 4

Sambutani sa Magbubukid

Tagulaylay sa Sakada at Dumaan

Haiku sa kalendaryo ng buhay

Rap sa Basura

Alay sa Pagtatapos ng Mag-aaral

**Uyayi sa Magulang**

Nang ako’y sanggol pa, nahimbing sa awit
ni Inang masuyo’t malambing ang tinig.
Inugoy sa duyan, kinandong sa bisig
sa awit niyang habi, ako ay naidlip.

*Matulog na ikaw, ay! bunso kong mahal*
*ama mo’y darating at kahit na pagal*
*may ngiti sa labing sa kanya’y sisilay*
*kapag ang mukha mo’y kanyang nasilayan.*

Nang ako’y paslit na, madalas mabanggit
ang iyong pangalang inuulit-ulit
upang sa isip ko’y di ka raw mawaglit
at saka susundan ng malungkot na awit.

*Hayaan mo, bunso, darating ang araw*
*Lilitaw siyang bigla, maghintay ka lamang.*
*Sa kanyang nilakbay, marahil nabalam*
*o hindi pa tapos ang dapat gampanan.*

Nang ako’y lumaki, umasa pang pilit
si Ina sa iyong masayang pagbalik.
Habang ako’y yakap ay kanyang hinimig
ang inyong matamis na awit-pag-ibig.

*“Darating ang araw, ang pagmamahalan*
*ay magiging ganap, sa anak na mahal.*
*Siya’y imumulat, ating tuturuang*
*magtangi sa kapwa, maglingkod sa bayan!”*

Si Ina'y kandong ko, laon nang maysakit,
inaantay pa rin, ang iyong pagbalik
buo ang pag-asang bago siya mapikit
aakayin mo siya patungo sa langit….

*Sana po'y mahimbing, Ina't Amang mahal!*
*Salamat sa inyong hinandog na buhay.*
*Sa ating daigdig, walang kayamanang*
*higit pa sa ating dakilang magulang!*

(Ang ***uyayi*** ay isang awit na panghele o pampatulog ng bata. Sa Ilonggo, ang tawag dito'y ***ili-ili***. Sa Batangas, tumutukoy din ito sa duyan ng bata.)

**4 na Ambahan ni Inang Kalikasan**

1
Ito ang tanging lunan
Ng kanunununuan
Tahanan ng tamaraw…
At sinaunang Mangyan.
Tanod ng kalikasan
Buong kapaligiran
Na dulot nama'y buhay
Pagkain at kanlungan.
Likhang sining ang yaman
Panulat sa kawayan
Sa tula ay pakinggan
Matandang kasaysayan.

2
H'wag namang puputulin
ang punongkahoy namin
ugat nilang malalim
sa lupa'y pumipigil.
H'wag namang papusyawin
ilog at batis namin
taglay nila'y pagkain
malinis na inumin.
H'wag namang sisirain
lupang ninuno namin
inyong pagagalitin
bathalang nahihimbing.

3

Dito po'y nananahan
katutubong nilalang
lupa nila ay búhay
kaya't alagang tunay.
Sariling kalinangan
dakilang kasaysayan
sining nila'y makulay
awit, likha at sayaw.
Saan sila hahanggan?
Malilipol na lamang
kung hindi igagalang
tahanang kalikasan.

4

May bago nang panganib
sa bundok naming liblib
hinuhukay at ibig
likas-yama'y masaid.
Binubutas ng ganid
lupang sa puno'y hitik
kung ugat ay mapatid
dadaluyong ang tubig.
Katutubo't kapatid
halikayong tumindig
at maging kapanalig
iligtas ang daigdig.

(Ang ***ambahan*** ay tula ng mga Mangyan sa Mindoro na nagpapahiwatig ng damdamin, nagtuturo ng kaalaman, o nagbibigay ng pangaral, at binubuo ng pitong pantig bawat taludtod na iba't iba naman ang bilang. Dito'y tig-12 taludtod ang apat na magkakaugnay na ambahan.)

**Haiku sa kalendaryo ng buhay**

Enero’y simula.
Bagong Taon, pananda:
pagbabago, paghahanda.

Pebrero ng puso—
tula’t rosas ay sugo
ng nakikiming pagsuyo.

Marso’y pagtatapos:
pagsusulit ng pagod
may panibagong paggaod.

Abril, anong banas!
Tubig-dagat ang lunas
lalo’t alon ay malakas!

Mayo’y mabulaklak
pistang nayon ay galak
sa ani’y pasasalamat!

Hunyo ay pasukan…
mahangin ma’t maulan
hayo na sa paaralan!

Hulyo’y takaw-unos,
bayan ay nalulunós
hiráp lalo ang hikahós.

Agostong maalab
gunita'y nagliliyab
sa bayaning nililiyag.

Setyembre ay luksa
ating ginugunita
ang panahon ng kuhila.

Oktubre'y laglagan
ng dahon sa Kanluran—
may taglamig na daratal.

Nobyembre ay Undas
búhay na nakalipas
alaalang walang kupas.

Disyembre: Pasko na!
Parol na  pulang-pula
at sa puso ay pag-asa!

(Ang ***haiku*** ay isang anyo ng tula, mula sa Hapon, na nagpapahayag ng damdamin o kaisipan tungkol sa panahon, sa kalikasan o sa kalagayan ng tao. Karaniwang may tatlong taludtod na 5-7-5 ang mga pantig o silabo, at maaaring may tugma o wala. Sa haiku na ito, may kakaibang anyo ang ipinapapakilala ng makata: 6-7-8 ang sukat ng mga pantig.

**Sambutani sa Magbubukid**

Silang magbubukid,
haligi ng bayan—kamay nila't bisig,
maylikha ng yaman.

Pawis ang puhunang
inialay sa bansa, bawat binhi'y búhay,
pagsuloy sa lupa.

Silang magbubukid
pagsilay ng araw, hayu't palinág na
kasama'y kalabaw.

Maghapong paggawa
saglit na pahinga, tirík man ang araw
ay di alintana.

Silang magbubukid
pag-ani ng palay, di lamang mag-anak
kanilang binubuhay.

Kaya nga ba tayo'y
mayroong pagkain—kamay-magbubukid
sa ati'y naghain.

Silang magbubukid
na siyang umaani, ay bakit taghirap
at namumulubi?

Nagbanát ng buto
nagtigis ng pawis, ngunit nagugutom
at salat  kung krisis.

Silang magbubukid
sa ati'y may aral: pagsaka sa lupa'y
gawaing marangal.

Ang lupang taniman
dapat alagaan—silang nagsasaka'y
huwag pabayaan.

*Purihin ang sipag*
*nitong magbubukid*
*matatag kahit man*
*panaho'y malupit!*

*Purihin, itanghal*
*na bayaning tunay*
*silang nangaghasik,*
*nagpunla ng buhay!*

(Ang ***sambutani*** ay isang sinaunang awit ng tagumpay, pagdiriwang, pagpupugay o pagpaparangal.)

**Tagulaylay ng Sakada at Dumaan**

Kami'y Sakada't Dumaan
Nagmula sa kanayunan
Itinaboy sa tahanan
ng gutom at kasalatan.
Kami'y Sakada't Dumaan
Isinilang na may utang,
Aming pasan habambuhay
Utang hanggang kamatayan.

Sa tubuhan, sa tubuhan
Nagbabatá buong araw,
Kahit manhid mga kamay
Kahit windang ang katawan.

Sa tubuhan, sa tubuhan
Tumutubo ang gahaman!
pawis nami't kapaguran
sa kanila ang pakinabang.

Gumagawa buong araw,
Namumutol, nagpapasan
At sa bagol maglululan
Tubóng sampa'y luho't yaman!

Sentimo lang ang katumbas
Nitong hapô, kirot, hirap…
Itong ani, pag kinatas
Asendero'y lintang bundat!

Nagbabanat sa maghapon
Buto't balat, naparoól
At kung kami ay tututol
Bangis nila'y mala-Hapon.

Kami'y Sakada't Dumaan
Nagmula sa kanayunan
Aming pasan habambuhay,
Lumbay hanggang kamatayan!

(Ang ***tagulaylay***, ayon kay Bayani Mendoza de Leon, ay ipinapalagay na nakaugat sa salitang taghoy o malungkot na awit, at sa salitang alaylay, na ibig sabihi'y pagpapatuloy. Ang tagulaylay ay nagpapahayag ng kalungkutan sa kalagayan ng isang tao o sa ilang pangyayari sa buhay. Ang mga Sakada at Dumaan ay mga manggagawang tagabukid sa mga tubuhan na dumaranas ng matinding kahirapan.)

**Basu-Rap!**

Plastik langis grasa!
Tambak dumi't tira!
Sa kalye ay nagkalat
bunton ng basura.
Sikmura'y baligtad,
sa ilong ay parusa
habang sa katawan
peste'y nagmamartsa.
Usok ng sigarilyo
at usok ng tambutso
sagad, lampas-ilong
hanggang baga't ulo.
Bakit mayro'ng taong
walang kapwa-tao
tuwang naghahasik
ng lason at peligro?
Bunton ng basura,
bumubugang usok
bulwak sa pabrika,
sangkap nilang bulok.
Kapag hindi nabago
palakad na buktot
Lahat nating pangarap,
mauuwing bangungot.
Bakit nagkaganyan,
itong sintang bayan
na dati'y nakilalang
perlas ng silangan?
Estero'y sakal na,

kalye ay tambakan
dagat man o ilog,
ngayo'y basurahan!
Pero teka, hintay!
Baka di pa huli
linisin ang paligid,
linisin ang sarili.
Basura na nagkalat
sa bakuran at sa kalye
at usok na kamandag,
lipulin nang maige.
Hala, kumilos na,
habang may panahon!
Upang kahit hiráp
ang buhay sa ngayon—
mayroong malalanghap,
hanging hindi lason,
ligtas ang susunod
na mga henerasyon!
Pagdating ng baha
naku, bahala ka!
Manawagan ka man
sa mga bathala
Tingnan ko kung di ka
Magkumahog bigla
Upang matakasan
Ang rumaragasa!

(Ang ***rap*** ay isang makabagong estilo ng pagbigkas na alangang-tula, alangang-awit, at popular sa mga kabataan. Ito ay isang malayang anyo ng pagpapahayag.)

**Alay sa Pagtatapos**

Ilang taon kang naglamay
Sa panahong bawat saglit
Ay may tukso ng paglisan
O may tawag ng panganib.

Parang linang ang utak mo
Pinaghasikan ng punla
Ng kaalamang punong-puno
Ng pagtuklas at adhika.

Itong sulo ng dunong mo'y
Gawing patnubay sa dilim
Nitong bayang laging bigo
Na mahango sa panimdim…

Ang hawak mo'y hindi setro
Ng pansariling mithiin
Kundi handog ng talinong
Sa lipunan sumusupling.

Pagtatapos ay simula:
Bagong landas, bagong layon –
Makakaugit ka kaya
O aanod sa panahon?

Mundo'y tigib ng taghiráp
At angaw pang mga dusta –
Mayroon ka bang iaambag
Sa pag-unlad at paglaya?

Bagong landas, bagong layon,
Pagtatapos ay simula…
Ngayon, bukas, lagi’y hamon:
Paglingkuran ang ‘yong kapwa!